

Mula kay: Charlie Faas, VP para sa Administration at Pananalapi
Patrick K. Day, VP para sa Student Affairs
Sa: Komunidad ng Campus (mga estudyante, faculty, kawani)
Mga tugon: healthadvisories@sjsu.edu
Petsa: Marso 23, 2020
Paksa: **Mga Alituntunin ng SJSU Para sa Mga Refund ng Campus**

Sa mga susunod na araw, magkakaroon ng mga pagsasalin ng mga alituntuning ito sa Spanish, Tagalog, Vietnamese, at Chinese (traditional at simplified) sa [website ng Abiso sa Kalusugan ng SJSU](#).

Kaugnay sa mga nagbabagong sitwasyong konektado sa Novel Coronavirus (COVID-19), at alinsunod sa patakaran sa refund ng campus at sa mga regulasyon ng Title 5 CCR § 41802 (Title 5), gumawa ng gabay ang San Jose State University (SJSU) hinggil sa refund ng mga bayaring siningil ng campus batay sa mga gumagabay na prinsipyo na ginawa ng Tanggapan ng Chancellor ng California State University.

Ang framework ng mga alituntunin sa ibaba ay batay sa prinsipyong ire-refund ng SJSU ang mga bayarin para sa mga serbisyo at pasilidad na binayaran ng mga estudyante ngunit hindi naibigay ng unibersidad. Bukod pa rito, isusuko ng SJSU ang mga bayarin sa pagkansela at multa na nauugnay sa mga pagbabagong nagreresulta mula sa mga sitwasyong nauugnay sa COVID-19.

Nananatiling nakabukas ang campus at nagpapatuloy ang lahat ng pagtuturo sa pamamagitan ng iba't ibang paraan. Ayon sa mga probisyon ng Title 5, natukoy ng SJSU na nararapat nang bayaran ang mga tuition at mandatoryong bayarin.

Samakatuwid, walang refund sa mga tuition at mandatoryong bayarin dahil inihahatid ang mga ito sa pamamagitan ng iba't ibang paraan.

Nakasaad sa ibaba ang mga desisyon at dahilan para sa **mga bayarin sa housing ng unibersidad, paradahan, dining, at iba pang bayarin ng estudyante.**

Mga Desisyon sa Refund

1. Housing ng Unibersidad

Ang mga refund ng mga bayarin sa kuwarto sa housing at boarding ay ibibigay sa mga estudyanteng magpapasyang umalis sa housing ng estudyante na pagmamay-ari ng unibersidad bago matapos ang kanilang kasunduan sa lisensya at ibibigay ang mga ito alinsunod sa mga kasalukuyang patakaran at pamamaraan sa refund ng campus. Ang unibersidad ay hindi magbibigay ng refund o reimbursement sa mga estudyanteng nakatira sa mga housing na hindi pagmamay-ari ng unibersidad.

Hinihikayat ng SJSU ang mga estudyante, faculty, at kawani na nakatira sa mga residence hall na bumalik sa kanilang permanenteng tirahan o lumipat sa ligtas na lokasyon sa labas ng campus sa kundisyong makakabiyahe sila nang ligtas papunta sa lokasyong iyon. Para sa sinumang Spartan na kinakailangang

manatili sa campus o walang ligtas na alternatibo, patuloy na maghahatid ang SJSU ng mga serbisyo sa housing at dining.

Ang mga residenteng gustong magkansela ng kanilang mga lisensya at mag-check out ay dapat itong gawin **bago ang Marso 30**. Ang lahat ng form at karagdagang impormasyon sa pag-check out ay [available online](#).

Ipoproseso ng Housing ng SJSU ang mga pro rata na refund simula sa Marso 30:

- Humigit-kumulang 42% ng iyong renta sa semestre ang ipo-prorate maliban na lang kung aalis ka pagkatapos ng 3/30
- Dapat kang magsimulang makakita ng mga refund bago ang gitnang bahagi ng Abril

Kung pipiliin mong umalis ng campus at kanselahin ang iyong kasunduan sa lisensya o kung umalis ka na at hindi mo kinuha ang lahat ng iyong gamit, pakikumpleto ang mga sumusunod na hakbang:

Hakbang 1: Kumpletuhin at isumite ang [License Cancellation and Express Check Out Forms \(Mga Form sa Pagkansela ng Lisensya at Express na Pag-check Out\)](#)

Hakbang 2: Linisin ang iyong kuwarto/apartment at alisin ang lahat ng item

Hakbang 3: Isauli ang iyong susi at access card sa front desk ng gusali mo

Kung umalis ka na at inalis mo na ang lahat ng iyong gamit:

Hakbang 1: Kumpletuhin at isumite ang [License Cancellation and Express Check Out Forms \(Mga Form sa Pagkansela ng Lisensya at Express na Pag-check Out\)](#)

Hakbang 2: Ibalik ang iyong susi at access card sa amin sa pamamagitan ng pag-drop off ng mga ito sa front desk ng gusali mo o ipadala ang mga ito sa pamamagitan ng koreo sa:

University Housing Services
One Washington Square
San José, CA 95192-0133

2. Paradahan

Ang mga refund ng mga bayarin sa paradahan ng campus ay ibibigay sa mga estudyante, faculty, at kawani na mag-a-apply para sa refund, at ipoproseso ang mga ito alinsunod sa mga kasalukuyang patakaran at pamamaraan sa refund ng campus. Pakitandaang hindi magkakaroon ng bayarin sa pagpoproseso.

Ipoproseso ng [SJSU Parking Services \(Mga Serbisyo sa Paradahan ng SJSU\)](#) ang mga na-prorate na refund batay sa linggo kung kailangan mo isinumite ang iyong [refund request form \(form sa paghiling ng refund\)](#).

Pakitandaang bukas ang campus ng SJSU at ipinapatupad pa rin ang mga panuntunan sa pagparada. Kung hihiling ka ng refund, pagkatapos ay babalik at

magpaparada ka sa campus, kakailanganin mong bumili ng permit sa pagpaparada araw-araw.

Ang mga estudyante, faculty, at kawani na pipiliing kanselahin ang kanilang mga natitirang kasunduan sa pagpaparada sa campus ay dapat kumpletuhin ang mga sumusunod:

Hakbang 1: Isumite ang [online na form](#)

Hakbang 2: I-email ang nakumpletong form sa [University Parking \(Paradahan ng Unibersidad\)](#)

Tandaan: Kung mayroon kang pass sa pagpaparada para sa Garahe ng Campus Village sa Housing, magpoproseso ng refund kasama ang iyong pagkansela sa lisensya sa housing.

3. Dining

Ang mga refund ng mga bayarin sa dining sa campus ay ibibigay sa mga estudyanteng magkakangansela sa kanilang lisensya sa housing at ipoproseso ang mga ito alinsunod sa mga kasalukuyang patakaran at pamamaraan sa refund ng campus.

Para sa mga refund sa meal plan ng University Housing Services (UHS):

- Dapat isumite ng mga estudyante sa UHS ang mga refund sa meal plan sa panahon ng pag-check out
- Isusumite ng UHS ang mga kahilingan sa Tanggapan ng Bursar para sa pagpoproseso
- Kakalkulahin at ipoproseso ng Tanggapan ng Bursar ang mga refund sa loob ng 4-6 na linggo
- Matatanggap ng mga estudyante ang halaga ng refund

Para sa mga non-Housing na meal plan o mga account ng declining balance:

- Dapat kumpletuhin ng mga estudyante ang [Spartan Eats Early Meal Plan Cancellation Request Form \(Form Para sa Kahilingan sa Pagkansela sa Early Meal Plan ng Spartan Eats\)](#)
- Matatanggap ng Tanggapan ng Bursar ang form para sa pagpoproseso
- Kakalkulahin at ipoproseso ng Tanggapan ng Bursar ang mga refund sa loob ng 4-6 na linggo
- Matatanggap ng mga estudyante ang halaga ng refund

Kung mananatili ka sa Housing ng Campus at may meal plan ka dati, hindi ka maaaring magkansela.

Kung mananatili ka sa Housing ng Campus at **hindi** ka nagkaroon ng meal plan at gusto mong magdagdag nito ngayon, makipag-ugnayan sa paul.cingolani2@compass-usa.com.

4. Iba Pang Opsyon sa Refund

Mga Graduate Student

Kung kakailanganing palitan ang iyong petsa ng pagtatapos mula Mayo at gagawin itong Agosto dahil sa mga pagsubok sa pagkumpleto sa iyong thesis o dissertation sa semestrong ito, isusuko namin ang \$10 na bayarin na karaniwang sinisingil para sa pagpapalit ng petsa ng pagtatapos.

Mga Pagsasaalang-alang sa Pinansyal na Tulong

Kapag umatras mula sa lahat ng gawain sa kurso, maaaring magbago ang gastusin sa pagpasok at maaaring maapektuhan ang mga package ng pinansyal na tulong para sa estudyante, at dapat itong iproseso alinsunod sa mga regulasyon sa pinansyal na tulong ng estado at pederal. May karagdagang impormasyong matatagpuan sa [website ng pinansyal na tulong ng SJSU](#).

Bilang paalala, ang mga gumagabay na prinsipyong ito ay ginawa para matiyak na patas sa mga estudyante ang mga patakaran sa refund, matukoy ang mga pinansyal na obligasyon ng SJSU kabilang ang debt service, at hindi mailagay sa panganib ang pinansyal na sustainability ng mahahalagang function.

Taos-puso,

Charlie Faas

Bise Presidente para sa Administration at Pananalapi

Patrick K. Day

Bise Presidente para sa Student Affairs